Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-16 NG MARSO, 2021 SA GANAP NA IKA-10:14 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB *(Nasa Opisyal na Gawain)* |

**KAPASIYAHANG BLG. 15 (A) T. 2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGTATAKDA NG MGA TUNTUNIN SA PAMAMAHALA SA OPERASYON AT PAGPAPARENTA SA FOUR WHEEL TRACTOR SA MGA MAGSASAKA NG BAYAN NG LUMBAN**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**
**Tagapangulo ng Lupon ng Pagsasaka**

**SAPAGKAT**, and Department of Agriculture Region IV-A CALABARZON sa pamamagitan ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHILMEC) ay nagkaloob Four Wheel Tractor bilang pagbibigay katuparan sa Farm Mechanization Program ng ahensya upang paunlarin ang pagsasakahan sa Bayan ng Lumban at upang pagaangin ang proseso ng pagtatanim ng mga magsasakang Lumbeño;

**SAPAGKAT**, ang patuloy na lumalaking sakahan ng palay ay nangangailangan ng mga modernong kagamitan sa pagsasaka gaya ng mga makabagong makinarya na malaking katulungan sa mga magsasaka;

**SAPAGKAT**, maraming mga magsasakang Lumbeño ang umuupa ng four wheel tractor sa mas malaking halaga kung kaya't ang katulad na makinaryang ito ng lokal na pamahalaan ay makatutulong upang mabawasan ang halagang nakalaan para sa kanilang puhunan;

**SAPAGKAT**, kung mayroong iiral na sistema sa pamamahala at pagpaparenta ng Four Wheel Tractor ay malinaw na makikita ng mga kinauukulan ang pakinabang na dala ng nasabing makinarya sa kaban ng bayan at sa mga magsasaka;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang pagtatakda ng mga tuntunin sa pamamahala sa operasyon at pagpaparenta sa Four Wheel Tractor sa mga magsasaka ng bayan ng Lumban;

**IPINASIYA PA RIN** ang mga sumusunod:

**Na,** itinatakda ang operational fee sa halagang Pitong Libong Piso (P 7,000.00) na kaupahan sa bawat ektarya ng lilinangin na lupa;

**Na**, ang operator's fee na nagkakahaga ng Walong Daang Piso (P 800.00) ay babawasin sa halaga ng Operational Fee para sa operator at Apat na Daang Piso (P 400.00) para sa assistant operator, samantalang wala pang itinatalaga ang Pamahalaang Bayan na tractor operator at assistant operator;

**Na,** ang halagang isang libong piso (P 1,000.00) ay para sa krudo.

**Na**, ipatupad ang "First Come, First Serve" basis sa pagrenta ng naturang makinaraya;

**Na**, ang netong Apat na Libo at walong daang Piso (P 4,800.00) na kaupahan sa bawat hektarya ay ang halagang ilalagak sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman;

**IPINASIYANG PANGKATAPUSAN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Punumbayan at iba pang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang;

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-16 ng Marso, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt031621res15A*